

Gamit ng Wikang Filipino sa Proseso ng Paglilitis: Kaso ng Children in Conflict with the Law sa Makati City Hall–RTC Sangay 3, 136, 140, at 144 /

Use of Filipino Language in the Litigation Process: Case of Children in Conflict with the Law in Makati City Hall–RTC Branch 3, 136, 140, and 144

Pherese Sulit
Pamantasang De La Salle
pherese_sulit@yahoo.com

Gerard Concepcion
Unibersidad ng Pilipinas–Diliman
gerardconcepcion@gmail.com

Problemang maituturing dahil Ingles ang wikang ginagamit sa mga korte ng Pilipinas. Kung hindi sanay o maalam ang nasasakdal sa wikang ginagamit ng hukuman partikular sa kabuuang proseso ng paglilitis, malaki ang posibilidad na magdulot ito ng hindi pagkakaunawaan. Natatangi ang sitwasyon ng Children in Conflict with the Law (CICL) sa sistemang legal ng bansa. Liban sa ipinagkakaloob sa kanila ang alternatibong pagpataw ng kaparusahan na kaiba sa mga kadalasang sumasailalim sa prosesong legal, sila rin ang sektor na kadalasang hindi sanay gumamit ng wikang Ingles. Bunsod ng kanilang sitwasyon, mahalaga ang nagiging gamit ng wikang Filipino sa kabuuang proseso ng kanilang paglilitis.

Layunin ng pananaliksik na matalakay ang gamit ng wikang Filipino sa mga yugto ng proseso ng paglilitis ng CICL. Tinutukan ang mga kaso ng CICL sa Makati City Hall Regional Trial Court, ang isa sa may pinakamararaming kaso ng CICL sa Kalakhang Maynila mula sa mga Sangay 3, 136, 140, at 144—na pinoproseso ang mga kaso ng CICL. Gamit ang mga pamamaraang obserbasyon, panayam, at talatanungan sa paglikom ng datos ay natuklasan sa pananaliksik ang gamit at halaga ng wikang Filipino sa paglutas ng mga kaso ng CICL. Sa huli, iginigiit ng pananaliksik ang patuloy na pagdidiskurso sa sitwasyong pangwika ng Filipino sa mga korte ng bansa, at sa kagyat na pagsusulong ng malawakang adyenda sa lalong pagpapalakas ng wikang Filipino sa usapin ng batas sa Pilipinas.

Mga Susing Salita: wikang Filipino, batas, paglilitis, Children in Conflict with the Law, Makati City Hall–RTC

The use of English as the language in the Philippine courts poses a problem. If the defendant is not proficient in the language used by the court, particularly in the overall litigation process, this will cause misunderstanding. The situation of Children in Conflict with the Law (CICL) is unique to the country's legal system. They are provided with alternative penalties that are different from the majority going through the legal process, and they are also the sector who is often unfamiliar with the use of the English language. Due to their situation, the use of Filipino language in the entire process of their trial is significant.

The purpose of the research is to discuss the use of the Filipino language during the stages of the CICL's trial process. Cases were investigated at the Makati City Hall Regional Trial Court, having one of the largest CICL cases in Metro Manila from Branches 3, 136, 140, and 144—where CICL cases are processed. Using observation, interviews, and questionnaires for data gathering the study discovered the use and value of the Filipino language in solving CICL cases. Ultimately, the research insists on continuing the discourse of the Filipino language situation in the country's courts, and on the immediate advancement of a comprehensive agenda to further strengthen the Filipino language in Philippine law.

Keywords: *Filipino language, law, trial, Children in Conflict with the Law, Makati City Hall–RTC*

PANIMULA

Nananatiling problematiko ang sitwasyong pangwika sa usapin ng batas sa Pilipinas (Perales 132). Patuloy na “nabubusabos” ang wikang Filipino dahil “namumukod” ang wikang Ingles (David 17), dahil mas ginagamit ito partikular sa mga batas at pagdulog sa korte (Recto 23). Hindi rin prioridad ng gobyerno ang paggamit ng wikang Filipino sa batas; hindi tinutuunan ng pansin ng gobyerno ang paglilinang ng wikang Filipino partikular sa mga aspekto ng pagsasalin ng mga batas at transaksyon sa korte (Dio 44). Sa katunayan noong 2008, tinangkang gamitin ang wikang Filipino sa pamumuno ni Punong Mahistrado Reynato Puno sa mga korte sa ilang sangay ng Malolos, Bulacan sa proyektong “Bulacan Pilot Project” (Rañosa-Madrugno). Bagaman sinasabing “mahusay” at “mabuti” ang idinulot ng paggamit ng wikang Filipino sa mga court proceeding (Senate P.S. Res. No. 1507), hindi ito nagtagumpay dahil sa kakulangan ng pondo at suporta mula sa gobyerno, at maging sa nakararaming propesyonal ng batas (Martin 6–8; Dio).

Itinuturing na isang suliranin sa Pilipinas ang usapin ng wika at batas. Sapagkat hindi nakasulat sa wikang Filipino ang mga batas ng bansa, maraming kinakaharap na problema ang mga sangay ng pamahalaan partikular sa sangay ng Hudikatura.

Isa na rito ang hindi epektibong pagpapalaganap ng katarungan sa bansa sapagkat hindi nauunawaan ng mga mamamayan ang kabuuang proseso ng paglilitis (David 18). Sa katunayan, ang mismong mga indibidwal na sangkot sa usapin ng batas sa Pilipinas ang umaayaw sa paggamit ng wikang Filipino (hal. abogado, hukom, piskal, stenographer) sapagkat wikang Ingles na ang nakasanayan nilang gamitin sa proseso ng paglilitis (Dio 57–60). Makikita ang ganitong sitwasyon noon sa Bulacan Pilot Project, na nahirapan ang mga praktisyuner na magsulat ng mga desisyon sa wikang Filipino, sapagkat walang salin sa wikang Filipino ang karamihan ng mga batas sa Pilipinas. Dahil dito, nagbunga ng mabagal na paglalabas ng desisyon at pag-usad ng mga kaso (Sulit at Asuncion). Mula rito, lumilitaw na isang kagyat na adyenda ang anumang pananaliksik hinggil sa wikang Filipino na pumapaloob sa usapin ng batas sa bansa.

Samantala, sa usapin ng batas sa Pilipinas, natatangi ang paksa ng Children in Conflict with the Law (CICL). Sensitibong maituturing ang paksa na ito dahil hindi karaniwan ang mga indibidwal na sangkot. Sila ang mga batang may edad 15–18 na nakalabag sa batas at nakitaan ng akto ng *discernment*¹. Sumasailalim ang CICL sa programang diversion², disposition

- 1 Konseptong legal na tumutukoy sa kaalaman sa nagawang pagkakamali.
- 2 Eksempsiyon na ipinapataw sa mga CICL upang hindi sumailalim sa pormal na sistemang legal. Binibigyan sila

measures³, o rehabilitation⁴ batay sa kaniyang nagawang kasong krimen bilang pagsasakatuparan sa konsepto ng *restorative justice*⁵. Imbes na sila ay ikulong, binibigyan sila ng pagkakataong magbago sa pamamagitan ng pakikibahagi sa mga programang ito. Matapos malutas ang kanilang kaso, ay walang magiging rekord, sang-ayon sa pagpapatupad ng batas Republic Act No. 9344 o Juvenile Justice and Welfare Act of 2006.

Karaniwang ginagamit ang mga lente ng sosyolohiya (AKAP; de Pano) at sikolohiya (Ancheta-Templa; Concepcion; Espiritu) sa daloy ng iskolarsyip hinggil sa pagpapaksa ng CICL sa bansa. Nitong huling walong taon, may ilang pananaliksik na sa CICL ang pumaloob sa wika bilang pragmatikong usapin ng berbal at di-berbal na mga simbolo (Gatchalian), at usapin ng estilo ng pakikipagkomunikasyon (Lalata). Kamakailan naman, diniskurso ni Martin ang mga lingguwistikong hamon sa sistemang legal ng bansa, lalo pa't dominado ito ng wikang Ingles.

Kung titingnan ngayon ang pagkalahatang sitwasyon ng restorative justice sa konteksto ng CICL na itinutulak ng Juvenile Justice and Welfare Act of 2006, krusyal ang usapin ng sitwasyong pangwika, partikular sa kung ano ang gagamiting wika upang maipaunawa at maipaliwanag nang husto sa CICL ang bawat hakbang sa proseso ng paglilitis ng kanilang kaso, nang sa gayo'y mas maging epektibo ang mga ito para sa kanilang pagbabago.

Layunin at Metodo ng Pananaliksik

Mula sa kontekstong nabanggit, pinoproblematisa ng pag-aaral ang pagdukul sa gamit ng wikang Filipino sa proseso ng paglilitis sa CICL. Layuning matalakay ang sitwasyon ng wika, partikular ang gamit ng wikang Filipino sa mga yugto ng proseso ng paglilitis ng CICL sa Makati City Hall Regional Trial Court Sangay 3, 136, 140, at 144. Ginamit ang mga pamamaraang

ng pagkakataon o alternatibong paraan ng kaparusahan na hindi nangangailangan ng pagkakabilanggo.

- 3 Pareho ng diversion, ngunit para sa CICL na nahatulang may sala ng korte.
- 4 Paglalagay sa mga kanlungan para sa CICL na nahatulang may sala. Dito sila ginagabayan upang maituwid ang mga pag-uugali at pananaw sa buhay.
- 5 Konseptong legal na tumutukoy sa alternatibong pagpataw ng kaparusahan na sangkot ang nabiktima, nangbiktima at komunidad.

obserbasyon para sa proseso ng paglilitis; panayam, simpleng talatanungan para sa mga indibidwal na sangkot sa proseso ng paglilitis; at pagsusuri ng mga dokumentong may kinalaman sa paglilitis ng CICL sa paglikom ng datos. Isang buwan (Mayo 2019) ang inilaan para sa obserbasyon, habang naglaan naman ng tatlong buwan (Mayo–Hulyo 2019) para sa ginawang panayam, pagpapasagot ng simpleng talatanungan, at pagsusuri ng mga karampatang dokumento.

Batas bilang domain ng wika: Teoretikal na batayan

Bago ang lahat, magkasalikop ang konseptuwalisasyon ng wika at domain. Sa araling wika, inuunawa ang domain bilang mga partikular na *konteksto* na nakabatay sa panlipunang kaayusan. Bagaman maraming lente ang maaaring gamitin sa konseptuwalisasyon ng domain, batayan pa ring maituturing ang mga panlipunang institusyon kung *saan* at *paano* maaaring gamitin ang wika. Samakatwid, matatawag na domain ang pamilya at tahanan, relihiyon/simbahan, trabaho at negosyo, batas, mga pampublikong espasyo, mga organisasyong pangmilitar, gobyerno, at iba pa (Spolsky). May tatlong katangian ang domain: 1) *kalahok*, ang mga indibidwal na ispiker ng wika na may direktang ugnayan at papel sa loob ng domain; 2) *lugar*, ang pisikal na kinalalagyan o kinapopookan ng domain sa realidad; at 3) *paksa*, ang mga karaniwan at angkop na pinag-uusapan o pinaggagamitan ng wika sa domain (Fishman). Ibig sabihin, kung maituturing ang batas bilang domain ng wika, may “sariling wika” ang batas. Dahil teknikal ang batas, teknikal ang mga salitang ginagamit dito na kadalasang mga indibidwal na nakapag-aral ng batas ang nakauunawa. Dagdag pa, dahil sa ritwalisado ang proseso ng batas at korte, may angkop na wikang ginagamit, at may angkop na mga paraan kung paano ito gagamitin. Kaya may mga espesyal na salita, kahulugan, at paraan sa paggamit ng wika na natatangi sa domain ng batas (Dio).

May dalawang uri ng kalahok sa batas bilang domain: 1) *propesyonal* (i.e., hukom, abogado, piskal), ang mga indibidwal na praktisyuner o nagtatrabaho sa batas; at 2) *hindi propesyonal* (i.e., testigo, akusado, biktima), ang mga indibidwal na sa ilang pagkakataon, ay nagiging kasangkot sa mga ritwal na proseso ng batas at korte. Magkaiba ang kanilang kaalaman at karanasan

sa batas, kaya maaaring magkaiba rin sila sa antas ng pag-unawa hinggil sa batas. Kadalasang magkaiba rin ang kanilang mga wikang ginagamit sa pagdiskurso ng batas. Sa ganitong konteksto, maaaring maging *daan* o *balakid* ang wika sa paglutas ng mga kaso at pagpapalaganap ng katarungan sa lipunan sakaling hindi magtagpo ang dalawang uri. Sa katunayan, itinutulak ni Spolsky na kailangang makialam na ang gobyerno nang sa gayon ay masolusyonan ang tunggaliang ito ng mga kalahok hinggil sa wika ng batas. Dagdag pa niya, may pangangailangang gumawa ng mga batas ang gobyerno (sa tulong ng mga propesyonal sa larangan ng batas at mga tagapagsulong ng wika) hinggil sa gamit ng wika sa loob ng hukuman at maisakatuparan ang mga ito.

Gamit ang balangkas ng batas bilang domain ng wika, mas matitiyak kung ano-ano ang prosesong gumagana sa batas gaya ng paglilitis; kung sino-sino ang mga kalahok, ang kanilang mga paniniwala at saloobin, patakaran o polisiya na kanilang isinasagawa hinggil sa kanilang pakikisangkot/pagpapraktis sa mga ritwalisadong proseso ng batas.

CICL sa Pilipinas

Ilang Demograpikong Impormasyon

Sa huling datos ng malawakang pag-aaral hinggil sa CICL mula sa tatlong metrocity (Metro Manila [2001–2002], Cebu [1999–2001], Davao [Enero–Hunyo 2002] sa Pilipinas, tinukoy ang mga aspekto ng kanilang pagkakakilanlan batay sa kasarian, edad, kaligiran ng pamilya, edukasyong natamo, at sosyo-ekonomikong estado (Save the Children–UK). Sa kasarian, mas marami ang kalalakihang CICL kumpara sa kababaihan. Iniulat na may 89% na mga lalaking CICL sa Metro Manila, 79% sa Cebu, at 83% sa Davao. Malaking bahagdan din naman ng CICL ang hindi nakapagtapos ng hayskul sa panahon ng pag-aresto. Napag-alamang nasa 38% lamang sa Metro Manila at 36% sa Davao ang nakapag-aral sa hayskul. Tinitingnan na dahil sa kasong kinaharap at salik-pinansiyal, karamihan sa CICL ay hindi na nakapagpatuloy sa pag-aaral. Samantala sa aspekto ng pamilya, 47% ng mga CICL mula Metro Manila ang kasama ang parehong magulang, 30% ang kasama lamang ang nanay at 5% ang walang kasamang pamilya o kamag-anak. Nasa 20% naman ng CICL ang walang trabaho ang tatay at mababa ang kitang pampamilya.

Sa kaso ng CICL sa Cebu, karamihan ay kasama ang parehong magulang. Sa lahat ng mga kaso ng CICL sa panahong nabanggit, 60% ang hindi kasama ang mga magulang o pamilya sa panahon ng pag-aresto. Nakita rin na may malaking epekto sa karamihan ng CICL ang naranasang pisikal na pang-aabuso ng pamilya na nagbunga at nag-udyok sa kanila na gumawa ng krimen o lumabag sa mga batas (22).

Sa isang banda, nahahati sa tatlo ang kadalasang krimen na nagagawa ng CICL. Ang mga krimen hinggil sa materyal na bagay, droga, at sex. Karamihan ng mga krimen na nagagawa ng CICL ay nasa ilalim ng offenses against property tulad ng pagnanakaw sa mga tindahan, snatching ng cellphone, at iba pa. Sa Metro Manila, 13% ng CICL ang lumabag sa batas droga, 20% sa Cebu, at 26% sa Davao. Lumitaw rin na pangalawa ang droga sa mga nagagawang krimen ng kababaihan na CICL mula Metro Manila at Cebu. Ayon sa kanila, gumagamit sila ng droga upang hindi maranasan ang gutom o makalimutan ang mga problema. Dagdag pa, nagagawang pumasok ng kababaihang CICL sa prostitusyon sa kagustuhang kumita ng kaunting pera (24). Lumilitaw na matingkad ang usapin ng pampamilyang sitwasyon (hindi buo ang pamilya) at panlipunang sitwasyon (kahirapan) sa naratibo ng krimen ng CICL (Cortel).

Ilang Tala sa CICL sa Makati City

Liban sa malaki ang Makati City Hall RTC, ito rin ang pinakamaagap na nagpaunlak sa paanyaya para sa ginawang pananaliksik. Sa sangay 3, 136, 140, at 144 partikular na tumugon ang hukom na humahawak ng mga kaso ng CICL sa siyudad; at mga criminal case clerk ng bawat sangay na siyang namamahala sa pagtatala ng mga kaso. Sa siyudad, karaniwang may isang criminal case clerk sa bawat sangay. Dahil random ang pagtatalaga (ipinapa-affle) sa mga kaso, walang tiyak na bilang ang kaso ng mga CICL na nahahawakan ng bawat sangay. Ibig sabihin, maaaring mag-iba-iba ito sa bawat pagtatalaga ng kaso. Kadalasan, nasa 10–50 ang naitatalagang kaso sa bawat sangay mula sa humigit-kumulang na 1,000 kaso ng CICL sa Makati City bawat taon. May ilang pagkakataon din na may mga buwan na walang kaso ng CICL. Sa buwan ng Marso 2019 kung kailan nilikom ang datos ng pananaliksik, nasa isa lamang ang aktibong kaso, at may apat na CICL na hindi na dumaan sa paglilitis mula sa apat na sangay na tinukoy

Sa nag-iisang aktibong kaso ng CICL sa Makati

City-RTC sangay 3, 136, 140, at 144, noong Mayo 2019, naging limitado ang pagkuha ng impormasyon at pakikipanayam. Si 2018-035-AV6 ay isang lalaki at edad 18; at kasalukuyang nasa antas ng hayskul. Apektado ang kaniyang pag-aaral dahil sa nagawang krimen, kaya naantala ang kaniyang pagpasok sa paaralan. Siya ay nabibilang sa mababang antas ng sosyo-ekonomikong estado. Sa kaligirang pampamilya, hindi kumpleto ang kaniyang pamilya, dahil nag-iisa na lamang ang magulang. Ayon pa sa kaniya, karaniwang hindi siya nabibigyan ng oras ng kaniyang solo parent dahil sa trabaho.

Mula sa mga dokumento sa Makati City Hall RTC hinggil sa CICL, nahahati sa dalawang uri ng krimen ang kanilang nagagawa sa lungsod: magagaan at mabibigat na krimen. Kasama sa magagaan ang mga kasong pagnanakaw, pakikipag-away, at pandaraya; habang kasama sa mabibigat ang mga kasong pagpatay, prostitusyon, panggagahasa, at droga. Sa kaso ni 2018-035-AV, magaan ang kaniyang krimen na pagnanakaw. Sa kaso ng apat na hindi na dumaan sa paglilitis, pagnanakaw at droga ang kanilang naging krimen.

Nakadepende sa uri ng krimen ang kabuuang bilang ng taon na bubunuin ng CICL sa programang inilalatag ng restorative justice (Dela Cruz; Gonzales). Nakadepende ang anumang paglilitis batay sa krimeng nagawa ng CICL. Kung hindi tataas sa 12 taon ang kaparusahan sa magagaan na krimen na nagawa ng CICL, maaari itong sumailalim na lamang sa diversion. Subalit kung tataas sa 12 taon ang kaparusahan sa mabibigat na krimeng nagawa ng CICL, kinakailangan nilang sumailalim sa paglilitis. May mga pagkakataon na maaari pa ring sumailalim sa paglilitis ang krimeng itinalaga para sa diversion program, sakaling hindi ito natupad nang maayos ng CICL (Vizcarra). Sa karanasan ng Makati City Hall–RTC, iilan lamang ang mga kaso na sumasailalim sa paglilitis, habang nalulutas na sa diversion program ang karamihan ng mga kaso. Pagnanakaw ang karamihan ng kasong sumasailalim sa diversion program lamang; habang ang mga kasong pagpatay, panggagahasa at droga ang sumasailalim sa paglilitis. Sa mga taong 2016–2018, naiulat sa mga dokumento na droga ang may pinakamaraming mga kaso na kinakaharap ng CICL sa lungsod. Posible itong ma-ugat sa “drug war” ng kasalukuyang administrasyon dahil mas “pinansin” at mas “pinalitaw” halimbawa ang ilegal na bentahan

ng droga (Vizcarra). Sa katunayan, noong Marso 2019 ay may kaso (na hindi na dumaan sa paglilitis) ang dalawang menor de edad na nakitang nagbebenta ng droga kasama ng tatlong matandang lalaki. Kalaunan ay umamin sa nagawang krimen ang dalawang bata, kaya sumailalaim sila sa disposition measures o programang nakalaan para sa CICL na napatunayang nagkasala.

Pinagdaraanang Proseso sa Kaso ng CICL

May siyam na mahalagang yugto na pinagdadaanang proseso ang mga kaso ng CICL: ang pag-aresto, pulisya–social worker, prosekusyon, court proceedings, diversion, paglilitis, disposition measures, youth home/agricultural camp/rehabilitation center, at after-care program. Nagsisimula ang pinagdaraanang proseso ng CICL sa yugto ng pag-aresto. Dito, mahalaga ang papel ng pulisya dahil sila ang nag-iimbestiga sa nagawang kaso ng CICL. Nakasaad sa Republic Act No. 9344 na kinakailangang ipaliwanag ng pulisya ang nagawang mali at bintang sa bata gamit ang wikang nauunawaan nito. Kailangan ding tandaan sa yugtong ito na hindi maaaring ilagay sa kulungan ang bata, kaya tinatawagan ang mga social worker o kaya naman ang mga magulang ng bata. Pagkatapos ipasa ng pulisya ang kustodiya ng CICL sa social worker, tinutukoy ng social worker kung may akto ng discernment sa nagawang krimen ang bata o wala. Isinasagawa ito sa pakikipanayam ng social worker sa bata at pakikipag-usap sa kaniya gamit ang wikang kaniyang nauunawaan. Kung napatunayang walang discernment, “pakakawalan” ang bata at ibibigay ang kustodiya nito sa mga magulang. Ngunit kailangan niyang sumailalim sa intervention program. Kung natupad na ang kahilingang ito ay may after-care program o progress report hinggil sa kaugalian ng bata. Kung napatunayan naman na may discernment, ipapasa ang kaso ng bata sa prosekusyon.

Sa yugto ng prosekusyon, ginagawa ang inquest proceeding o imbestigasyon ng piskal sa nagawang kasong krimen ng CICL. Dito, nakikipagtalastasan ang piskal sa akusadong CICL at sinusuri ang mga datos at ebidensiya laban sa bata. Kung napatunayan na walang nagawang krimen ang CICL, titigil sa yugto ng prosekusyon ang kaso at pag-uusapan ang mga maaaring susunod na hakbang na gagawin sa bata na ipapataw ng piskal. Kung napatunayan na batay sa imbestigasyon na may nagawang krimen ang CICL, magsasampa ng kaso ang piskal upang sumailalim

6 Ang code number ng aktibong CICL ng Makati Hall RTC noong Mayo 2019.




Figura 1. Binuonong flowchart sa pinagdaraanang proseso ng kaso ng CICL

ang kaso sa court proceeding. Sasailalim ang bata alinman sa diversion program o sa proseso ng paglilitis sa yugto ng court proceeding. Ang mamamahala sa programa ng diversion ay ang diversion committee na binubuo ng branch clerk of court, public attorney, piskal, DSWD, at mga magulang. Mag-uusap-usap sila sa maaaring programang gagawin na makabubuti sa CICL kapalit ng kaparusahang pagkakabilanggo. Kung sumailalim sa programa ang bata at masunuring nakibahagi, pakakawalan siya at magkakaroon ng after-care program; kung sakaling hindi, daraan siya sa paglilitis. Sa paglilitis, marami siyang yugtong kinakailangang tugunan tulad ng arraignment, pre-trial, trial, at paghatol sa desisyon. Kung mahahatulan ng hukom na walang sala, pakakawalan ang bata at sasailalim sa after-care program. Ngunit kung mahatulang may sala, kailangang sumailalim ng bata sa disposition measures. Bagaman para lamang din itong diversion para sa CICL na nahatulang may sala, iba ang programang kaakibat nito. Nakadepende sa husgado ang itatakdang programa na kailangang makibahagi ng bata. Maaari siyang pakawalan kapag sumailalim na sa programa at pagkatapos ay ang after-care program.

Maaari rin naman siyang ipadala sa youth homes, agricultural camp o rehabilitation centers at pagkatapos ng ilang panahong paninilbihan ay pakakawalan siya at muli, sasailalim sa after-care program. May partikular na mga pasilidad kung saan ipinadadala ang CICL tulad ng National Training School for Boys, Marillac Hills, at Makati Youth Homes. Itong huli ay nagsisilbi bilang pansamantalang tuluyan para sa lalaking CICL na naghihintay ng paglilitis sa kanilang kaso. Para naman sa lalaking CICL na umaming nagkasala o nahatulan ng korte na may sala ang National Training School for Boys sa Tanay. Habang para naman sa babaeng CICL na umaming nagkasala o nahatulan ng korte na may sala ang Marillac Hills sa Alabang. Ipinadadala ang CICL sa mga nabanggit na rehabilitation center dahil walang mga local government unit para sa kanila sa Makati City.

Samantala, ang pinakahuling yugtong pagdaraanang ng CICL ay ang after-care program. Ito ang pag-uulat hinggil sa estado ng kaugalian at pananaw ng bata sa buhay; kung siya ba ay tuluyang nagbago o hindi. Mga social worker ang nag-uulat hinggil sa sitwasyon ng CICL. Ipinataalam nila ang naging kaugalian ng bata

sa rehabilitation center. Sa yugtong ito, nakadepende sa hukom at sa diversion committee kung ano ang mga susunod na hakbanging kailangang ipatupad ng CICL upang malutas ang kaniyang kaso.

Proseso ng Paglilitis sa Kaso ng CICL

Dumaraan sa paglilitis ang CICL sakaling hindi nakibahagi sa diversion program, o kaya nama'y lumagpas sa 12 taon ang kaparusahan ng krimeng nagawa. May apat na mahalagang yugto sa paglilitis: arraignment, pre-trial, trial at, desisyon. Sang-ayon sa Revised Rules of Criminal Procedure, binabasahan ng paratang ang bata sa wikang kaniyang alam sa yugto ng arraignment. Tinatanong ang bata rito kung inaamin niya ang kaniyang kasalanan o hindi. Habang sa yugto ng pre-trial, ipiniprisinta ang mga ebidensiya na gagamitin sa aktuwal na paglilitis, maging ang mga testigo ng nagreklamo. Magbibigay ng listahan ang mga abogado at piskal hinggil sa mga ebidensiyang makatutulong sa dalawang panig—biktima at

akusadong CICL. Gayundin, maaaring makipagsundo ang CICL sa korte upang mapabilis ang paglilitis o kaya ay mapababa ang parusa sa kaniya. Ginagawa ang negosasyong ito sa yugto ng pre-trial. Pagkatapos, tutungo sa yugto ng trial o ang aktuwal na paglilitis na ilalahad ang mga ebidensiyang ipinisinta sa pre-trial at magsasalaysay ang mga testigo para sa mga nagrereklamo. May pagkakataon din ang CICL na magbigay ng kaniyang panig, ebidensiya, at testigo upang maipagtanggol ang sarili. Ang huling yugto ng paglilitis ay ang desisyon mula sa hukom. Dito hahatulan ng hukom kung may sala o walang sala ang CICL batay sa naganap sa trial o paglilitis. Natatapos ang paglilitis sa yugtong ito at dadako sa mga susunod na yugto ang CICL tulad ng disposition measures kung may sala, at pakakawalan naman kung walang sala. Gayunman, sasailalim pa rin ang bata sa after-care program.

Sa katunayan, hindi naman kaiba sa pinagdaraanang proseso ng mga pangkaraniwang kaso ang paglilitis




Figura 2. Binuong flowchart sa proseso ng paglilitis ng CICL

na pinagdaraan ng CICL. Ang natatangi lamang sa CICL ay suspendido ang kanilang sentensiya na hindi katulad sa mga pangkaraniwang kaso. Ibig sabihin, kahit na nahatulan ang CICL ng pagkabilanggo ay hindi ito maikukulong kasama ng ibang bilanggo. Kaya naman, kung talagang nagkasala ang bata ay pinapaamin na lamang ito upang mapabilis ang proseso ng paglilitis at makuha ang pinakamababang kaparusahan (Garvida). Oras ang hinahabol ng mga tagapamahala ng kaso ng CICL upang makuha ang suspendidong sentensiya ng bata bago ito mag-edad 21. Sapagkat sakaling lumagpas na sa edad 21, ay maaari nang ipadala sa bilangguan ang CICL at pagsilbihan ang kaniyang natitirang sentensiya (Picardal-Tecson).

Pagkilala sa mga tagapamahala sa kaso ng CICL

Binubuo ng komunidad, tagapagsulong ng batas, prosekusyon, korte at koreksiyon ang limang haligi ng sistemang Hudikatura hinggil sa sitwasyon ng CICL sa Pilipinas (Save The Children–UK 2004). Nakapaloob sa komunidad ang panlipunang pakikipag-ugnayan ng CICL. Narito ang mga magulang, barangay official, lokal na pamahalaan, at mga social worker. Bagaman sila ang pangunahing gumagabay sa mga CICL sa kanilang kaso; mga magulang pa rin ang siyang may pinakamalaking impluwensiya dahil nakasalalay sa kanila ang malaking porsiyento ng pagbabagong kakaharapin ng bata. Pantulong na maituturing ang mga barangay official, lokal na pamahalaan at social workers sa pag-usad ng kaso at paggabay sa CICL, dahil krusyal ang kanilang gagawing papel sa mga maaaring pagbabago ng pananaw sa buhay ng CICL partikular sa kaniyang sarili at komunidad. Habang, sa tagapagsulong ng batas, narito naman ang kapulisan at tanod. Pinangangalagaan nila ang kaligtasan ng CICL. Mainam ang pagtukoy sa angkop na pangangasiwa hinggil sa mga kaso ng CICL sa antas ng kapulisan dahil kinakailangan ang maingat na pamamahala sa kanilang mga kaso (Manual in Handling Cases of Children at Risk and Children in Conflict with the Law). Liban sa sila ay mga menor de edad, maaaring mapigilan din ang ilang kaso ng panloloko at pang-aabuso ng may kapangyarihan. Sa tulong din ng angkop na pangangasiwa sa kaso ng CICL, napangangalagaan ng kapulisan ang kaligtasan at dignidad ng mga bata.

Samantala, matutunghayan ang papel ng mga piskal sa prosekusyon. Sila ang mga nagdedesisyon sa

kalalabasan ng paglilitis, habang tinitiyak ang kabutihan ng bata at estado. Sila ang mga nagdedesisyon kung isasampa o ibabasura ang kaso laban sa bata bago tumungo sa antas ng paglilitis. Natutukoy nila ito batay sa pagsusuri ng mga salaysay ng mga sangkot sa kaso, ng CICL at ng mga ebidensiya laban dito. Hawak din nila ang katarungang nais ipatamo sa CICL at sa biktima nito. Matutunghayan na piskal ang siyang punong abala sa pag-usad sa magiging kaso ng CICL. Samantala, malaki rin ang papel ng hukom at mga abogado sa korte. Hukom ang siyang nagdedesisyon sa magiging estado ng kaso ng CICL. Nakasalalay sa kaniya kung ano ang angkop na programang ilalaan para sa bata. Lagi, nagbibigay ng desisyon ang hukom depende sa mga ebidensiyang ilalahad ng mga abogado at prosekusyon. Nakadepende sa kaniya ang bilis sa paglikha ng mga desisyon at resolusyon, habang isinasalang-alang ang kapakanan ng mga CICL. Habang ang mga abogado ang sinasandalan ng CICL upang mapatunayan kung sila ay walang sala; at kung sakaling may sala, ay upang mapababa ang parusang ipapataw ng prosekusyon o ng biktima. Siya ang nakikipagnegosasyon sa korte hinggil sa kalalagyan ng kaso ng bata. Samakatwid, trabaho ng abogado na ibigay ang minimithing katarungan ng kaniyang kliyenteng CICL katuwang na rin ng piskal.

Panghuli, nariyan ang rehabilitation centers sa koreksiyon. Ang mga namamahala rito ay may malaking gampanin kung paano magiging mainam ang pananatili ng bata. Gayundin, kung paano magiging epektibo ang mga ginagawa sa loob upang mapabuti ang sarili. Nagagawa ito sa pamamagitan ng pagbabasa, pagtuturo, counseling, pagbabahagi ng mga saloobin at hinaing, at iba pa.

Gampanin ng mga Tagapamahala sa Kaso ng CICL sa Korte

Dahil sa mismong paglilitis nakatuon ang pananaliksik, korte ang bibigyang pansin sa bahaging ito. Liban sa mga hukom at abogado, ay may malaking gampanin din sa pamamahala ng mga kaso ng CICL ang mga criminal case clerk, legal researcher, branch clerk of court, court stenographer, at court interpreter.

Sa karanasan ng Makati City, kapag na-affle ang kaso ng CICL sa Office of the Clerk of Court at napunta sa isang sangay, trabaho ng criminal case clerk na lagyan ng docket number o hindi hayag na impormasyon hinggil sa isang kaso bago itala ito sa isang computer system. Mahalaga ang docket

	Mahalagang Tauhan	Gampanin
Komunidad	- Magulang - Lokal na pamahalaan - Barangay official - Social worker	- Pakikipag-ugnayan sa bata - Paggabay sa mga CICL hinggil sa mga tatahakang mga yugto sa pag-usad ng kanilang kaso
Tagapag-sulong ng batas	- Kapulisan - Tanod	- Pangangalaga sa kaligtasan ng bata
Prosekyusyon	- Piskal	- Pagdedesisyon kung isasampa o ibabasura ang kaso ng CICL batay sa pagsusuri ng mga salaysay at ebidensya laban dito
Korte	- Hukom - Abogado	- Pagtanggol sa paglilitis - Paghatol kung may sala o walang sala ang bata - Pagtalaga ng programang makabubuti sa CICL
Koreksyon	- Tagapangalaga sa bahay pag-asa at rehabilitation centers	- Pagtuturo sa mga mabubuting asal - Counseling - Pagkalinga sa bata

Talahanayan 1. Limang haligi ng sistemang Hudikatura at ang mahahalagang tauhan nito

number upang maprotektahan ang pagkakakilanlan ng mga sangkot sa isang kaso lalo na ng CICL. Pagkatapos, ipapasa ngayon ng criminal case clerk sa legal researcher ang kaso upang matukoy ang kaparusahang ipapataw sa krimen ng CICL. Matapos tukuyin kung sasailalim ang CICL sa diversion o paglilitis, ipaalam ito sa branch clerk of court bilang punong abala sa mga kaso ng CICL na ipaalam naman sa hukom upang aprubahan ang pagpapasya sa kaso. Kung diversion lamang ang kinakailangang tugunan ng CICL, nariyan ang komite na binubuo ng piskal, public attorney, branch clerk of court, DSWD, mga magulang, at ang gabay ng court interpreter. Sila ang magpapaunawa sa bata hinggil sa konsepto ng diversion, at magiging katuwang sa paglalahad ng programa. Kung kinakailangan ng paglilitis, papasok ang papel ng hukom, piskal, public attorney, branch clerk of court, social worker, court interpreter, court stenographer, at mga magulang.

Bago pa man magsimula ang mga kaso na sasailalim sa paglilitis, handa at nakapuwesto na ang stenographer sa korte upang itala ang kabuuang pangyayari na mahalaga sa paglikha ng mga resolusyon at desisyon matapos ang mismong paglilitis. Ang hukom naman ang magsisimula ng paglilitis. Magtatanong siya hinggil sa panig ng piskal at sa panig ng public attorney tungkol sa kaso ng CICL. Pagkatapos, sisimulan na ang yugto ng arraignment. Malaki ang ginagampanang papel ng mga court interpreter sa yugto ng arraignment. Sila ang nagbabasa ng paratang sa mga CICL at nagsasalin ng mga terminong legal na mauunawaan ng CICL pagkatapos maglahad ng mga panig ang piskal at abogado. Sa yugtong ito,

abogado ang siyang nagpapaunawa ng pangyayari sa loob ng korte sa CICL. Sila ang nagsisilbing tagapayo sa bata maging nagdidirekta kung ano ang sasabihin at gagawin nito. Hinahanapan ng abogado ng paraan upang epektibong “makasabay” ang bata sa proseso at usapan sa hukuman. Habang ang piskal naman ang nagtatanggol sa estado at nagsisilbing representasyon nito. Kaya naman, ipinaglalaban nito sa korte hindi para panigan ang CICL, kundi ay panigan ang parehong ikabubuti ng estado at CICL na mga mamamayan din ng estado. Sa yugtong ito, parehong naglalahad ng mga ebidensiya at testigo ang dalawang panig na gagamitin sa paglilitis.

Samantala, magkatuwang ang mga court interpreter, hukom, piskal, public attorney, testigo, CICL, at mga magulang upang mailabas ang katotohanan sa korte sa yugto ng paglilitis. Batay sa pagganap ng mga kalahok dito, pagbabatayan ng hukom ang kaniyang paghatol sa kaso ng CICL. Nasa huling yugto ng paglilitis ang kaniyang magiging desisyon. Dagdag pa, ipinaliliwanag din ng hukom kung ano ang naging kasalanan ng bata maging kung ano-ano ang kinakailangang gawin nito upang matugunan ang kaniyang suspendidong sentensiya.

Sa huli, lahat ng mga rekord, datos, at iba pa na may kinalaman sa kaso ng CICL ay titipunin ng criminal case clerk upang pagsanggunian at iimbak sa listahan ng mga napanghawakang kaso ng sangay. Kasama rin maging ang transcripts of stenographic notes na pinamamahalaan ng court stenographer. Samantala, patuloy pa ring nag-uulat ang mga social worker hinggil sa sitwasyon ng CICL sa after-care program na ibinabahagi sa korte.

	Mahalagang Tauhan	Gampanin
Bago ang paglilitis	- Criminal case clerk	- Naglalagay ng docket number
	- Legal researcher	- Nagtatalaga ng taon ng kaparusahan sa kaso ng CICL
	- Branch clerk of court	- Pag-tsek sa taon ng kaparusahan ng kaso ng CICL at pagtatalaga kung sasailalim ito ng diversion o hindi
	- Hukom	- Pag-apruba sa pagpapasiyang desisyon ng branch clerk of court
Arraignment	- Court stenographer	- Nagtatala sa kabuuang kaganapan sa paglilitis
	- Court interpreter	- Nagbabasa ng paratang
Pre-Trial	- Piskal	- Pinagtatangol ang estado
	- Abogado	- Pinagtatangol ang CICL, nagsisilbing tagapayo ng CICL
Trial	- Court interpreter	- Sanib pwera sa pagpapalabas ng katotohanan
	- Piskal	
	- Abogado	
	- CICL	
	- (Mga) testigo	
	- Biktima	
	- Mga magulang/guardian	
	- Social worker	
Desisyon	- Hukom	- Naghahatol ng may sala o walang sala
Matapos ang paglilitis	- Criminal case clerk	- Nagtitipon ng mga datos hinggil sa kaso ng CICL
	- Legal researcher	- Nagtitipon ng mga TSN hinggil sa mga paglilitis ng kaso ng CICL
	- Social worker	- Palagiang pag-uulat hinggil sa CICL sa after-care program

Talahanayan 2. Mga Tagapamahala at Kanilang Gampanin sa Konteksto ng Korte

Sitwasyon ng wika sa proseso ng paglilitis sa Makati City Hall RTC sangay 3, 136, 140 at 144

Sa nasaksihan, nananatiling pantulong o opsiyon lamang ang wikang Filipino partikular sa pambungad na mga ritwalisadong yugto ng paglilitis gaya ng pagbibigay-galang sa hukom, pagdarasal, at sa pagbabasa ng hukom sa mga kasong sasailalim sa paglilitis sa araw na iyon. Bagaman sa wikang Ingles ang pag-aanunsiyo sa presensiya ng mga kalahok sa kaso, ipinaliliwanag naman ito ng public attorney sa CICL sa wikang Filipino. Nasa wikang Ingles din ang paghingi ng impormasyon ng hukom sa panig ng abogado at piskal hinggil sa kaso ng CICL. Nagtatanong naman ang hukom sa mga binabanggit na impormasyon ng mga piskal at public attorney gamit ang wikang Filipino. Matapos maglatag ng impormasyong may kinalaman sa kaso tulad ng kasong kinasasangkutan, araw, mga taong sangkot, pagkakakilanlan ng CICL, kaparusahan, at iba pa, ay magkakaroon ng negosasyon sa pagitan ng dalawang panig—abogado at piskal kung ano ang kaparusahang ipapataw sa CICL. Sa tagpong ito, salitan/sabay ang paggamit ng mga wikang Ingles at wikang Filipino.

Sa yugto naman ng arraignment matapos ang

negosasyon, babasahin ng court interpreter ang paratang sa CICL. Dito, tinatanong muna ang CICL kung nakauunawa ba siya ng wikang Ingles o hindi. Kung oo, gagamitin ang wikang Ingles at kung hindi naman ay gagamitin ang wikang Filipino sa pagbabasa ng paratang. Dahil mayroon nang salin sa wikang Filipino ang pagbabasa ng paratang sa yugto ng arraignment, ito na ang ginagamit ng sangay 140 sa mga kaso ng CICL. Kaswal ang antas ng usapan dito kaya maaaring gamitin ang wikang Ingles, wikang Filipino o pareho (Dela Cruz).

Samantala, sa yugto ng pre-trial at trial, ang mga salaysay ng mga testigo ay karaniwang nasa wikang Filipino. Ginagamit ang mga isinulat na salaysay na ito bilang ebidensiya sa kaso. Partikular dito halimbawa, ang usapan ng pulis at biktima. Kahit mas ginagamit pa rin ang wikang Ingles sa kabuuang proseso ng yugtong ito sa pagitan ng hukom, piskal, at abogado higgil sa mga teknikalidad ng batas at kaligiran ng kaso ng CICL, ipinaliliwanag naman ng court interpreter sa CICL ang mga pangyayari at mga terminong legal na binabanggit sa paglilitis gamit ang wikang Filipino.

Habang sa yugto ng desisyon, wikang Ingles ang ginagamit sa pagbabasa ng hatol ng hukom hinggil sa kaso ng CICL. Wala mang batas na nag-uutos na isalin ang hatol sa wikang Filipino, binabanggit muli ng

hukom ang kaniyang naging hatol sa wikang Filipino sa CICL upang maunawaan nito ang ipapataw na parusa.

Hindi maitatanggi na wikang Ingles ang pangunahing wika ng mga korte sa Makati City. Liban sa kabuuang proseso ng paglilitis, ito rin ang pangunahing wika na ginagamit sa mga pasulat na dokumento tulad ng batas, desisyon, resolusyon, at transkripsiyon ng mga kaso. Ito ang nakasanayang wika na ginagamit ng mga namamahala ng kaso ng CICL dahil sa wikang Ingles mismo nakasulat ang mga batas na kanilang pinagbabatayan ng mga argumento. Dahil na rin sa katangiang teknikal ng batas at paglilitis, lumilitaw na ritwal na wika ito sa mga usapan ng propesyonal, sa pagsulat ng mga dokumento, at sa pagsasakatuparan ng mga programang pangkorte. Kaya hindi problematiko ang paggamit ng wikang Ingles sa pagtatrabaho ng mga abogado, hukom, piskal, criminal case clerk, legal researcher, at court stenographer.

Sa isang banda, ang mismong pagiging teknikal ng batas na nakasulat sa wikang Ingles ay nagdudulot ng hirap sa pag-unawa ng CICL at ng mga hindi propesyonal na indibidwal gaya ng mga magulang, guardian, testigo, tagapagmasid o audience na nanonood ng paglilitis. Dahil na rin sa mahalaga ang mga salaysay ng mga indibidwal na sangkot sa kaso, mas ginagamit nila ang wikang Filipino na mas nakapagpapahayag ng kanilang mga salaysay, saloobin, at damdamin. Sakaling isasalin ang mga sentimyentong ito sa wikang Ingles partikular sa mga dokumento, maaaring mawala ang tunay na pagpapakahulugan at ubod ng mga ito. Delikado ang ganitong sitwasyon dahil maaaring maapektuhan ang pagpapalabas ng katotohanan sa maling interpretasyon ng diwa ng mga sinasambit na pahayag (Dy).

Samantala, bagaman totoo hindi masaklaw ang gamit ng wikang Filipino kumpara sa wikang Ingles, kinikilala ang kahalagahan nito sa mga kaswal na usapan, at sa mga yugto ng pre-trial at trial. Gaya ng nasaksihan, malaki ang papel ng wikang Filipino sa paglutas ng mga kaso ng CICL. Gamit ang wikang Filipino, mas naihahayag ng akusado at biktima ang mga tunay na pangyayari sa krimen. Dahil sa ito ang wikang kaya at sanay nilang gamitin, mas nasasabi nila nang detalyado ang mga impormasyong may kabuluhan sa kaso, maging ang pagtukoy kung sino ang mga may sala at mga sangkot sa krimen. Dagdag pa, ginagamit ang wikang Filipino partikular sa pagpapanukala ng programang diversion upang higit na maipaunawa sa CICL kung ano-ano ang mga kinakailangan nitong

tuparin sa programa upang malutas ang kaniyang kaso. Sa nasaksihan ng mga mananaliksik, “nagtagpo” ang usapan at pagkakaintindihan ng mga propesyonal at di propesyonal gamit ang wikang Filipino, at hindi sa wikang Ingles. Mas napabilis ang pagpapalitaw ng katotohanan, tungo sa pagkakaintindihan ng kasong pinag-uusapan.

Bagaman may mga tiyak na aspekto at yugto ng paglilitis kung saan at kailan ginagamit ang wikang Ingles at ang wikang Filipino, hindi ito tunggaliang maituturing: Una, walang malinaw na patakaran halimbawa na nagbabawal sa paggamit ng anumang wika, o paggamit ng mga ito nang sabayan/halinhinan. Ikalawa, ginagamit na *auxillary* o pantulong ang wikang Filipino sa mga maaaring kahinaan ng wikang Ingles o sa kakayahang pangwika ng isang indibidwal na unawain ito. Ikatlo, pareho ang mga ito na may mga pinaggagamitang tiyak na konteksto. Sa kaso halimbawa ng karaniwang wika na ginagamit, (i.e., Ingles) maaaring baguhin ang nakagawian para sa ikahuhusay ng kaso. Sa nasaksihan ng mga mananaliksik, pinupunan ng kapuwa ng wikang Ingles at ng wikang Filipino ang kahinaan ng isa’t isa.

Mga Saloobin Hinggil sa Wika ng Korte

Mula sa panayam at mga sagot sa talatanungan para sa mga tagapamahala ng kaso tulad ng court interpreter, court stenographer, legal researcher, branch clerk of court, piskal, public attorney, hukom, at ng mismong CICL hinggil sa sitwasyon ng wika sa korte, lumitaw ang ilang mga usapin hinggil sa paggamit ng wikang Ingles at wikang Filipino: Una, hinggil sa kasanayan sa wikang ginagamit sa korte. Malay ang mga tagapamahala na wikang Ingles talaga ang sinasabi nilang “default” na wika ng batas. Ayon sa kanila, tradisyonal at nakasanayan nang gamitin ang wikang Ingles sa batas. Batid nila ang ganitong status quo sapagkat Ingles ang wikang ginagamit sa mga law school ng bansa, maging ang mga batayang aklat ng batas sa Pilipinas. Dagdag pa, natural lamang diumano na ito ang wikang gamitin ng mga nakapagtapos na propesyonal na kumuha ng kursong batas. Kaya sinasabing mas sanay ang mga propesyonal sa paggamit ng wikang Ingles dahil sa wikang ito sila nagpraktis at nagpakadalubhasa. Dito mauugat kung bakit sa wikang Ingles nag-uusap ang mga propesyonal sa korte, maging sa pagsulat ng mga batas sa Pilipinas (Sulit; Picardal-Tecson; Dy). Ikalawa, hinggil sa

praktikalidad ng wikang ginagamit sa korte. Dito, nagkakaroon ng dalawang pagdiskurso na nakabatay kung sino-sino ang nag-uusap sa korte. Para sa mga propesyonal, praktikal na mas gamitin nila ang wikang Ingles kung sila-sila ang nag-uusap. Binanggit nilang mas “estandardisado” ito kaysa wikang Filipino. Mas tukoy na diumano sa wikang Ingles ang mga nararapat na termino maging ang mga parirala na kalimitan nang ginagamit sa korte at batas. Dagdag pa nila, ang paggamit ng mga estandardisadong salita at parirala ay hindi magdudulot ng kalituhan sa mga propesyonal. Sa kabilang banda, malay sila na may mga pagkakataong nararapat na isali sa usapan ang mga di propesyonal gaya ng nasasakdal, testigo, at iba pa sa mga talastasan sa korte. Sa ganitong mga sitwasyon, ang mga propesyonal na—mula sa kanilang salita—ang “nag-a-adjust” para maunawaan sila ng mga di propesyonal. Dito, iniwan nila ang wikang Ingles, at mas gumagamit na ng wikang Filipino. Sa ilang pagkakataon naman, ay magkasabay (*code mixing*) at halinhinan (*code switching*) nilang ginagamit ang Ingles at Filipino, depende diumano sa hinihingi ng pagkakataon. Sa katunayan, ganito nga ang makikita sa mga kaswal na usapan mula sa transkripsiyon ng korte. Palaging ginagamit ang wikang Filipino kung may nais tanungin o may nais ipaunawa ang mga propesyonal sa mga di propesyonal; habang palaging ginagamit ang wikang Ingles kung teknikalidad na ang usapan ng mga propesyonal (Sulit; Gonzales; Duran; Dela Cruz). Ikatlo, walang duda at pinakagusto ng mga di propesyonal gaya ng mga magulang/guardian at testigo na kung maaari ay gamitin ang wikang Filipino sa lahat ng mga usapan sa korte, maging sa mga propesyonal. Ayon sa kanila, kung ganito ang mangyayari, mas mauunawaan nila ang kabuuan ng paglilitis. “Mas angkop” diumano kung sa wikang Filipino maisasagawa ang buong proseso ng paglilitis, upang hindi na sila kailangang magtanong sa kanilang mga abogado (Cachola; Calasanz). Sa tingin naman ng CICL, hindi pangunahing problema ang wika ng korte. Basta may gumagabay at nagpapaunawa sa kaniya hinggil sa mga nangyayari sa proseso ng kaso partikular sa yugto ng paglilitis. Sa maraming pagkakataon, mas pinoproblema pa diumano ng CICL ang kumplikadong proseso ng kaso at ang bigat ng kaniyang nagawang krimen (CICL 2018-035-AV).

Mula sa mga usaping nabanggit, lumilitaw na hati ang saloobin ng mga tagapamahala ng kaso sa kung anong wika ang dapat na gamitin sa korte. Una, may

sentimyento sa patuloy na paggamit ng wikang Ingles. Sa wikang ito mas sanay ang mga abogado, hukom, at piskal; at ang kanilang rason ay trabaho naman ng mga court interpreter ang mga gagawing pagsasalin mula wikang Ingles patungo sa wikang Filipino (Picardal-Tecson). Ikalawa, may sentimyento sa paggamit ng wikang Filipino dahil ito ang wikang mas nauunawaan ng CICL. Kinakailangan diumanong maging mahusay ang mga propesyonal kapuwa sa wikang Ingles at sa wikang Filipino. Ibig sabihin, sila ang kinakailangang bumagay sa lingguwistikong kakayahan ng CICL (Dy; Marcon). Habang ikatlo, may sentimyento namang gamitin kapuwa ang wikang Ingles at wikang Filipino upang hindi maging estrikto at hindi maging limitado ang talastasan sa hukuman (Dela Cruz; Inocencio). Sa mga panayam at talatanungan, “Taglish” ang taguri nila sa penomenong ito.

Samantala, sakaling gamitin ang wikang Filipino sa teknikal na proseso ng paglilitis, naiisip ng ilang tagapamahala sa kaso ng CICL na kinakailangang magkaroon ng mahigpit na implementasyon sa pag-estandardisa ng wikang Filipino, pagsasalin ng mga batas, pagsasanay sa pagsulat ng stenographic notes, at iba pa na ginagamit sa mga korte at paglilitis (Duran, Sr.). May pagtingin din na maaari munang ma-estandardisa ang wikang Filipino upang maging unipormado ang gamit ng wikang ito sa lahat ng aspektong panlipunan kabilang na ang hukuman (Rafael); o kaya ay mainam na maisalin muna ang mga batas sa wikang Filipino upang may mapagbatayan ang korte sa paggawa ng mga desisyon, resolusyon, panuntunan sa paglilitis, at iba pa bago ito tuluyang maisakatuparan bilang wika ng korte (Gonzales).

Sa isang banda, para sa CICL, ay maraming mga bagay ang hindi nauunawaan ng bata mula sa mga sinasabi ng mga hukom, piskal at abogado sa panahon ng paglilitis. Nagdudulot ito ng kaba para sa bata at kaguluhan sa kaniyang pag-unawa hinggil sa kung ano ang nangyayari sa loob ng korte. Sa katunayan, nagmumungkahi ang CICL na upang lalong magamit ang wikang Filipino sa mga korte, ay ipaliwanag ang mga terminong legal sa mas simpleng paraan, at palaging kumustahin ng mga tagapamahala ng kaso ang bata upang malaman kung ito ay nakasabay sa paglilitis (CICL 2018-035-AV).

Gamit ng wikang Filipino sa proseso ng paglilitis sa kaso ng CICL sa Makati City Hall-RTC

Mula sa mga nalikom na impormasyon mula sa mga praktis, karanasan, saloobin, at paniniwala hinggil sa gamit ng wikang Filipino, lumilitaw na praktikalidad ang pangunahing dahilan kung bakit ginagamit ang wikang Filipino sa proseso ng kaso ng CICL. “Pantulong” ito nang sa gayon ay mas maunawaan ng mga indibidwal na sangkot mula sa komunidad ang teknikalidad ng batas; at “sagot” din naman upang mas makasali ang mga kalahok sa mismong paglilitis. Sa mga dahilang ito, pagpapabilis sa pagpapalitaw ng “katotohanan” sa korte ang layunin kung bakit ginagamit ang wikang Filipino (Sulit).

Kinikilala ang mahalagang gamit ng wikang Filipino sa paglilitis bilang midyum ng kaswal na pakikipag-usap. Kaswal, sapagkat hindi ito ang pangunahing wikang ginagamit ng mga propesyonal sa mga ritwalisadong yugto ng paglilitis; at mas ginagawang midyum sa mga pagkakataong kailangang marinig ang tinig ng mga di propesyonal sa korte. Gayundin, mas ginagamit din ito sa diversion, sapagkat ipinakikita at ipinaliliwanag sa mga magulang/pamilya ang panukalang programang nakalaan para sa CICL. Bagaman ganito ang nangyayari, masasabing hindi pa rin sanay ang diversion committee na lumikha ng panukalang programa sa wikang Filipino. Gaya nga ng kanilang karanasan, sakaling may mga terminong mahirap isalin sa wikang Filipino, gumagamit ang komite ng Google Translate at mga diksyonaryo sa Filipino (Dela Cruz).

Sa isang banda, dahil “legal” at “pormal” na dokumento ang mga transkripsiyon, isinasalin ng mga stenographer sa wikang Ingles mula wikang Filipino ang mga nabanggit sa paglilitis. Sakaling hindi kayang isalin, sinisipi na lamang ang mga ito (Magparangalan). Isang halimbawa ng direktang sipi ay ang pagpapaliwanag ng CICL sa akto ng kaniyang nagawang krimen: “sinaksak niya ang biktima na parang spring na mabilis.” Minabuti na lamang itong direktang sipiin, dahil kung isasalin sa wikang Ingles ay mawawala ang esensiya ng pahayag o yung mismong diwa ng mensahe.

Sa proseso ng paglilitis, lumilitaw na nakadepende sa mga tagapamahala sa proseso ng paglilitis kung *ano* ang wikang gagamitin. Nakasalikop din ito sa kanilang gampanin, trabaho, at inaasahang output sa

bawat yugto ng paglilitis. Dagdag pa, nakadepende rin naman sa kung *sino* ang kanilang kinakausap, at ang kakayahan nitong umunawa sa mga ritwal at teknikalidad ng paglilitis.

Kapuwa may gamit ang wikang Filipino sa loob at labas ng korte para sa CICL. Sa loob, ginagamit ang wikang Filipino sa pagbibigay ng mga salaysay sa korte sa yugto ng paglilitis. Dahil ito ang wikang ginagamit ng bata sa pakikipag-usap niya sa kaniyang abogado, nakatutulong ang Filipino sa pagpapahayag ng kaniyang mga saloobin at hinaing. Dagdag pa, nawawala ang kaniyang kaba sa korte sa tuwing ginagamit ng mga abogado, piskal, court interpreter at hukom ang Filipino (CICL 2018-035-AV). Habang sa labas naman, ginagamit ang wikang Filipino sa pakikipag-ugnayan sa kapuwa CICL, pag-aaral sa Alternative Learning System (ALS), pakikipanayam sa kaniya ng mga pulis at social worker, at iba pa.

Mula sa mga yugto ng proseso sa kaso ng CICL, lumitaw ang gamit ng wikang Filipino sa sumusunod na praktis: pakikipag-ugnayan sa mga namamahala sa kaso ng CICL, partikular sa mga propesyonal at di propesyonal; pagsisiwalat ng katotohanan mula sa mga salaysay at ebidensiyang ipiniprisinta (partikular sa yugto ng paglilitis); pagpapaliwanag sa teknikalidad ng batas; at pagpapaunawa sa proseso ng paghulma sa kilos at gawi ng CICL.

Muni-muni: Adyenda ng wikang Filipino sa usapin ng batas partikular sa paglilitis ng CICL sa Pilipinas

Gaya nang naipakita ng pananaliksik, wika ang namamagitan sa gampanin ng mga tagapamahala ng kaso at sa proseso ng paglilitis. Nakadepende sa disgresyon at inisyatibo ng mga tagapamahala ng kaso ang paggamit sa isang tiyak na wika. Kanilang isinasaalang-alang ang mga salik ng praktikalidad at teknikalidad, maging ang kaangkupan hinggil sa kung *ano* ang dapat na gamiting wika na hinihingi ng konteksto at pagkakataon.

Bagaman nagbubukod at nagdudulot ng suliraning pangwika ang paggamit ng Ingles bilang default/ dominanteng wika ng batas sa Pilipinas (Martin 145), kailangan bang total na baguhin ang wika ng batas ng Pilipinas patungong Filipino? Sa nasaksihan ng pananaliksik, bagaman maaari, ay baka mas magdulot pa ito ng malawakang kalituhan sa kasalukuyan. Liban

sa hindi “sanay” ang mga propesyonal sa wikang ito, masikhay na panahon at pagsisikap ang kailangang gugulin upang baguhin ang mga nakasanayang praktis ng batas sa bansa.

Malinaw na ang suliraning pangwika sa usapin ng batas sa Pilipinas ay kung papaano mauunawaan ng mga hindi propesyonal ang batas. Tugon kayang maituturing na isalin lahat ang batas patungong Filipino? Kung isasalin man, maaalis kaya ang pagiging teknikal ng mga batas na ito? Magkaibang usapin ang pagsasalin ng batas sa wikang alam ng lahat vis-a-vis ang pagpapadali sa pagpapaunawa ng batas. Ibig sabihin, pumapainlanlang pa ang ganitong usapin sa gamit ng wika tungo sa panlipunang katarungan.

Nananatiling hamon ang pagpapaloob at pagpapalabas sa kakayahan ng wikang Filipino sa usapin ng batas. Gaya ng nasaksihan sa pananaliksik hinggil sa sitwasyong pangwika sa paglilitis ng CICL, nasa inisyatibo ng mga propesyonal ang kagyat na paggamit ng wikang Filipino sa batas. Sa katunayan, may ilan na ring masikhay na proyekto hinggil sa mga isinaling batas tungo sa Filipino; at mga kompendiyum, diksiyonaryo, manwal sa Filipino hinggil sa mga literaturang may kaugnayan sa batas sa Pilipinas (Peralajo 130–131). Ngunit, ilan kaya sa mga ito ang ginawa nang batayang babasahin sa mga law school sa bansa? Baka nga mas binabasa pa ang mga ito ng mga mag-aaral sa Filipino? Ginagawa kaya na batayang sanggunian ang mga ito ng mga propesyonal sa pormal na proseso ng korte? Baka hindi. Malinaw na ang intensiyon ng mga ito ay maging batayang babasahin para sa mga hindi propesyonal na indibidwal.

Samakatwid, mula sa nasaksihan ng pananaliksik partikular sa sitwasyong pangwika sa paglilitis ng CICL, kailangang magsimula ang paggamit ng Filipino sa mga tiyak na bagay na may *kagyat* na pangangailangan. Proyekto itong maituturing ng mga propesyonal sa batas na bihasa kapuwa sa Ingles at Filipino. Sa mga kaso ng CICL halimbawa, bakit hindi simulan ang ganitong adhikain sa mga simpleng dokumento muna gaya ng pleadings na pinagbabasehan ng hukom sa paghatol ng kaso; maging ang formatting sa mga affidavit ng salaysay na nasa kustodiya ng pulis na ginagamit bilang ebidensiya sa korte; o sa kahit ano pa mang dokumento na makatutulong sa pagpapaunawa ng mga pangyayari sa bata? Gayunman, nasa kagustuhan, kakayahan, at pagpapasya pa rin ng mga tagapamahala ang pagsasakatuparan ng mga ito. Sa huli, ambag ng wikang Filipino ang epektibong

pagpapalaganap ng hustisya para sa mga hindi propesyonal ang isa sa mga kagyat na tunguhin ng adyenda ng pambansang wika sa usapin ng batas sa bansa.

SANGGUNIAN

Mga Artikulo at Aklat

- Adhikain Para sa Karapatang Pambata (AKAP): Ateneo Human Rights Center – Ateneo Law School. *Situation Analysis on Children in Conflict with the Law and Juvenile Justice System*. United Nations Children Fund, 1998. Print.
- Ancheta-Templa, Mae. *Understanding Children in Conflict with the Law: Contradictions on Victimisation, Survivor Behaviour, and the Philippine Justice System – Study of the Situation of Children in Conflict with the Law in Davao*. Lungsod ng Quezon: Save The Children–UK, 2004. Print.
- Atienza, Monico at Pamela Constantino, mga ed. *Mga Piling Diskurso sa Wika at Lipunan*. Quezon City: University of the Philippines Press, 1996. Print
- David, Randolph. “Politika ng Wika, Wika ng Politika.” *Wikang Filipino sa Loob at Labas ng Akademya’t Bansa*. Ed. Benilda Santos. Quezon City: Sanggunian sa Filipino, 2003, pp.15–22. Print.
- Fishman, Joshua. *The Sociology of Language: An Interdisciplinary Social Science Approach to Language and Society*. Rowley, Massachusetts: Newbury House Publishers, 1972. Print.
- Martin, Isabel. “Expanding the Role of Philippine Languages in the Legal System: The Dim Prospects.” *Asian Perspectives in the Arts and Humanities* 2.1 (2012): 1–14. Print.
- . “Linguistic challenges of an English-dominant legal system in the Philippines,” *Asian Englishes* 20.2 (2018): 134–146. Print.
- Peralajo, Cezar. “Mga Saliksik sa Batas at Politika.” *Dahuyan* 1–2 (1997): 119–135. Print.
- Rañoso-Madrunio, Marilu. “The Interrogator and the Interrogated: The Questioning Process in Philippine Courtroom Discourse.” *Philippine Journal of Linguistics* 43 (2013): 24–37. Print.
- Recto, Ralph. “Ang Wikang Filipino ay Wika ng Pagbabago: Ang Wikang Filipino sa Pamahalaan.” *Wikang Filipino sa Loob at Labas ng Akademya’t Bansa*. Ed. Benilda Santos. Quezon City: Sanggunian sa Filipino, 2003, pp.23–27. Print.
- Santos, Benilda, ed. *Wikang Filipino sa Loob at Labas ng Akademya’t Bansa*. Pinamatnugutan ni Benilda S. Santos. Quezon City: Sanggunian sa Filipino, 2003. Print.

Save the Children–UK. *Breaking Rules: Children in Conflict with the Law and the Juvenile Justice Process – The Experience in the Philippines*. Lungsod ng Quezon: Save the Children–UK, 2004. Print.

Spolsky, Bernard. *Language Management*. United Kingdom: Cambridge University Press, 2009. Print.

Zafra, Galileo, ed. *Adyenda sa Saliksik Wika: Ulat ng Kumperensiya*. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino–UP Diliman, 2008. Print.

Mga Di limbag na Ulat, Papel Pananaliksik, Tesis, at Disertasyon

Concepcion, Janette. “Aspirations, Self-prospects and Level of Optimism of Children in Conflict with the Law.” Master’s thesis. University of the Philippines Diliman, 2007.

Cortel, Eleangel Dawn. “A Rights-Based Approach to Juvenile Justice: Exploring the Diversion of Children in Conflict with the Law in the Philippines.” Research Paper. International Institute of Social Studies.

De Pano, Jose Carlo. “Examining Society’s Punitiveness Towards Children in Conflict with the Law: The State of Juvenile Delinquency in the Philippines From 2003–2012.” Master’s thesis. University of the Philippines Diliman, 2013.

Dio, Marianito. “Mga Kailangan Pang Maganap upang maging Handa at Sapat Ang Wikang Filipino bilang Lingua Franca sa mga Hukuman ng Batas.” Master’s thesis. De La Salle Lipa, 2015.

Espiritu, Eljielyn. “Effects of Storytelling on Self-Concept, Self-Esteem and Anxiety of Children in Conflict with the Law.” Master’s thesis. University of the Philippines Diliman, 2008.

Gatchalian, Nabeel Paolo. “A Study on the Relationship between Verbal and Nonverbal Aggressiveness of Children in Conflict with the Law at Molave Youth Home for Juvenile Delinquents in Quezon City.” Undergraduate thesis. University of the Philippines Diliman, 2015.

Lalata, Ana. “The Relationship of the Guidance Counsellors’ Rhetorical Sensitivity and Communicator Style and the Children in Conflict with the Law’s Level of Self-disclosure in Selected Rehabilitation Centers.” Master’s thesis. University of the Philippines Diliman, 2013.

SENATE P.S. Res. No. 1507.

Sulit, Pherese at Isiah Asuncion. “Ang Saloobin ng Mga Hukom Tungkol sa Paggamit ng Filipino Bilang Pangunahing Wika sa Loob ng Hukuman ng Pilipinas: Kaso ng Regional Trial Court ng Malolos, Bulacan.” Research paper. University of the Philippines Diliman, 2015.

Mga Personal na Panayam

Cachola, Marie Fe. Personal na panayam. 4 Marso 2019.

Calasanz, Jhe. Personal na panayam. 4 Marso 2019.

Dela Cruz, Marie Angeli. Personal na panayam. 4 Marso 2019.

Duran, Jane. Personal na panayam. 11 Marso 2019.

Dy, Jeffrey. Personal na panayam. 11 Marso 2019.

Garvida, Christopher. Personal na panayam. 11 Marso 2019.

Gonzales, Nikki. Personal na panayam. 4 Marso 2019.

Inocencio, Eugene Gerard. Personal na panayam. 11 Marso 2019.

Labria, Mark Labria. Personal na panayam. 25 Marso 2019.

Lleno, Llelavis Lytus. Personal na panayam. 25 Marso 2019.

Maparangalan, Mercy. Personal na panayam. 4 Marso 2019.

Marcon, Robert Victor. Personal na panayam. 11 Marso 2019.

Non, Jeanne Mae. Personal na panayam. 11 Marso 2019.

Rafael, Mary Jane. Personal na panayam. 11 Marso 2019.

Sulit, Cristina. Personal na panayam. 4 Marso 2019.

Vizcarra Jr., Jose. Personal na panayam. 11 Marso 2019.

2018-035-AV. Personal na panayam. 25 Marso 2019.

Apandise 1. Talatanungan para sa mga propesyonal

Bulwagan ng Lungsod ng Makati
Panrehiyong Hukuman sa Paglilitis Sangay ____

Trabaho: _____

Pangalan: _____

GAMIT NG WIKANG FILIPINO SA MGA YUGTO NG PROSESO NG PAGLILITIS SA KASO NG MGA CICL (*CHILDREN IN CONFLICT WITH THE LAW*) SA BULWAGAN NG LUNGSOD NG MAKATI: PANREHIYONG HUKUMAN SA PAGLILITIS SANGAY 3, 136, 140 AT 144

I. KALIGIRAN NG CICL

1. Gaano karami ang mga kaso ng CICL sa sangay ninyo?
2. Kadalasan, ano ang kaligiran ng mga CICL na sumasailalim sa paglilitis sa inyong sangay?
 - a. Kasarian
 - b. Edad
 - c. Edukasyong natamo
 - d. Sosyo-ekonomikong estado
 - e. Pamilya
3. Ano ang kadalasang krimen na nagagawa ng mga CICL na sumasailalim sa paglilitis sa inyong sangay?
4. Ano ang kabuuang prosesong pinagdadaanan ng mga kaso ng CICL mula pag-aresto hanggang sa paglaya?
5. Ano ang bawat antas ng proseso sa paglilitis sa mga kaso ng CICL mula pag-areglo hanggang sa paghatol?

II. SITWASYONG PANGWIKA

1. Ingles
 - a. Batay sa inyong karanasan bilang _____, ano ang kalakasan at kahinaan sa paggamit ng wikang Ingles sa mga kaso ng CICL sa paglilitis?
2. Filipino
 - a. Batay sa inyong karanasan bilang _____, ano ang kalakasan at kahinaan sa paggamit ng wikang Filipino sa mga kaso ng CICL sa paglilitis?
 - b. Paano ginagamit ang wikang Filipino sa bawat antas ng proseso sa paglilitis sa kaso ng mga CICL?
 - c. Paano nakatutulong ang gamit ng wikang Filipino sa mga kaso ng CICL?

III. SALOOBIN HINGGIL SA WIKA NG HUKUMAN

1. Sa iyong palagay, paano pa mas maisasakatuparan ang paggamit ng wikang Filipino sa mga kaso ng CICL sa paglilitis?
2. Ano ang iminumungkahi mong solusyon upang matugunan ang suliraning pangwika sa hukuman?
3. Sa iyong palagay, anong wika ang dapat gamitin sa mga kaso ng CICL? Bakit?

MARAMING SALAMAT PO!

Apendise 2. Snippet ng docket ng mga kaso sa Makati City Hall–RTC

CASE NUMBER	DATE DIVERSION APPROVED	DATE OF DISPOSITION APPROVED	CASES STATUS
06-1821		April 17, 2008	Case considered closed and terminated on June 25, 2010 (complied with disposition measures)
06-2049	August 24, 2010		In view of the death of the accused, case terminated pursuant to Article 29 of the RCP
CICL 009-010-2013-D	June 26, 2013		Case closed and terminated February 23, 2016 (complied with the diversion proceedings)
10-156	September 15, 2010		Case dismissed January 30, 2013 (complied with the program)
10-243	June 15, 2010		Case terminated and closed March 26, 2012 (complied with diversion program)
11-1477		December 9, 2011	Disposition program of CICL is deemed terminated and case is considered dismissed on November 14, 2018
11-2623-24		August 22, 2017	Progress Report set on February 7, 2019
CICL 002-2011-D	April 4, 2011		Case terminated and closed March 7, 2013 (complied with the program)
CICL 010-2012-D (12- 1718)	November 20, 2012		Case filed against the CICL DISMISSED August 23, 2017 (CICL satisfactorily complied with diversion program)
13-2322	April 1, 2014		Case terminated and closed September 28, 2016 (complied with the program)
CICL 018-2013-D	April 8, 2014		Case dismissed March 29, 2017 (complied with diversion program)
CICL 001-2014-D	April 8, 2014		Case considered closed and terminated June 28, 2016 (completed his rehabilitation)

Apendise 3. Halimbawa ng ebidensiyang salaysay (KASONG KRIMINAL BLG. 16-660)

MALAYA AT KUSANG LOOB NA SALAYSAY NI _____ NA BINUO SA PAMAMAGITAN NG PAGSAGOT SA MGA TANONG NI SPO2 PENAFLOD DITO SA LOOB SIYASATAN NG MAKATI CITY POLICE STATION NA MATATAGPUAN SA AYALA AVENUE EXTENSION CORNER YAKAL ST., BRGY. SAN ANTONIO, MAKATI CITY NGAYONG IKA-27 NG MARSO 2016 SA GANAP NA 9:50 NG UMAGA

MGA TANONG AT SAGOT

TANONG: (IMBESTIGADOR) Nakahanda ka bang magbigay ng iyong Malaya at kusang loob na salaysay na pawang mga katotohanan lamang ang lahat ng iyong sasabihin sa imbestigasyong ito?

SAGOT: opo Sir.

T: Kung gano'n maari mo bang sabihin sa akin muli ang iyong buong pangalan, address at mga bagay na maaaring pagkakilanlan ukol sa iyong buong pagkatao?

S: Ako po si _____, 29 taong gulang, walang-asawa, Call Center Agent sa JP Morgan Chase na matatagpuan sa 31st St., Bonifacio, Global City, Taguig City at kasalukuyang naninirahan sa #2 Peso St., CBE Townhomes, Brgy. Pasong Tamo, Quezon City.

T: Ano naman ang dahilan at ikaw ay naparito sa aming tanggapan at nagbibigay ng kusang loob na salaysay?

S: Upang magsampa ng reklamo laban sa mga taong p'wersahang umagaw sa aking minamanehong motorsiklo.

T: Anong klase naman ng motorsiklo ang sinabi mong p'wersahang inagaw sa iyo?

S: Ang aking Yamaha MIO I 125, Registered pero wala pang Plaka na Available, kulay itim na nagkakahalagang Php 70,000.00.

T: Sino naman ang mga tao na sinasabi mong umagaw sa iyong motorsiklo?

S: Sila po (Affiant pointing to the male and female persons and later identified themselves as: _____, 33 years old, single, and residing at house no. 3251 Zapote St., Makati City and

_____, 17 years old, single and residing at house no. 2464 E. Loriega St. Sta. Ana, Manila at may apat (4) pang mga kasama na nakatakas.

Appendix 4. Snippet ng stenographic notes sa wikang Filipino (KASONG KRIMINAL BLG. 11 2623 AT 11-2624)

A:
Nung pabunot na nakita na ho e kahit ako nakita, si _____, doon ho naano ni _____.

Q:
Anong naano?

A:
Nasaksak.

Q:
Nasaksak niya si at saka si?

A:
Opo.

Q:
Pagkatapos niyang masaksak, ano ang nangyari?

A:
Takbuhan ho agad eh.

Q:
Nagtakbuhan kayo agad?

A:
Opo.

Q:
I would suppose mabilisan itong nangyari?

A:

Mabilis po sobrang bilis.

Q:

So that nung akhang papalo na si Mr. _____, nasaksak ni _____ tapos nagdisperse na kayo?

A:

Opo.

Apendix 5. Halimbawang ulat ng Diversion Program na isinalin mula Ingles patungong Filipino

ULAT NG DIBERSIYON

Ang Diversion Committee ay isinusumite ang mga rekomendasyon nito para sa programa ni _____.

PAGLALAHAD

Ang CICL na si _____ ay inakusahan sa salang paglabag sa RA 9165 Sec. 11 and 12. Siya ay labinglimang taon at labing-isang buwang gulang.

Kasama ng CICL ang kaniyang mga magulang na sina _____ at _____ at ang Social worker ng MSWD na si _____. Nagpunta rin ang arresting officer na si POI Claro Fornis at Court Social worker _____.

Matapos pag-usapan at ipaliwanag ang mga tuntunin at kondisyon ng Diversion Program sa CICL at kaniyang mga magulang, napagkasunduan ng komite na ang CICL ay pansamantalang maninirahan sa Bahay Pag-asa Makati Youth Home.

Ang diversion program ng CICL ay susubaybayan at ipatutupad ng MSWD Social worker na si Mark Christian Labaria at siya at magsusumite ng ulat ng progreso ng CICL sa hukumang ito.

PAGMUNGKAHI

Ang Diversion Committee ay inirerekomenda para sa ikabubuti ng CICL na siya ay manatili sa Bahay Pag-asa. Siya ay ilalagay sa kustodiya at pangangasiwa ng MSWD Makati Youth Home sa loob ng anim na buwan at titiyakin na ang bata ay tutuparin ang mga sumusunod na kondisyon:

1. Ipagpapatuloy niya ang pag-aaral ng ALS (Alternative Learning System) tuwing Lunes hanggang Huwebes;
2. Siya ay sasailalim sa indibidwal at grupong pagpapayo ng mga social worker sa Bahay Pag-asa Makati Youth Home;
3. Siya ay dadalo sa katekismo at misa tuwing Sabado;
4. Ang kaniyang mga magulang ay dadalo sa mga seminar at programa na ipatutupad ng MSWD;
5. Siya ay kailangang gumawa at magsumite ng talaarawan na nakasaad ang kaniyang mga repleksiyon sa araw-araw;
6. Siya ay sasailalim sa random drug testing sa pagtutulungan ng MSWD at MADAC;
7. Siya ay kailangang aktibong makilahok at sundin ang mga gawaing bahay sa loob ng center (home life service);

8. Siya ay dapat sumunod sa lahat ng alituntunin na ipinatutupad ng Makati Youth Home;
9. Siya ay dapat umiwas sa paggawa ng anumang mga pag-uugali o kilos na labag sa batas at hindi siya dapat makisali sa lahat ng uri ng bisyo.

Matapos ipaliwanag ang mga naturang kondisyon ng Diversion Programa sa CICL at kaniyang mga magulang, siya ay sumasang-ayon sa mga ito.

Ang Social worker na sina Mark Labria at Rochelle Orias Chavez ay magsusumite ng buwanang progress report ni John Paul Montealegre.

May paggalang na isinumite.

Makati City, Pebrero 8, 2019